

EPEKTIBONG PAMAMARAAN SA PAGBUO NG WASTONG ULAT SA PAGBASA



RAQUEL L. AZUR, EdD.

Pansangay na Tagamasid sa Filipino
Kagawaran ng Edukasyon
Panlungsod na Sangay ng mga Paaralan ng Lunggsod ng Biñan

ABSTRAK

Ang saliksk na ito ay naglalayon na makabuo ng instrumento na maaaring mabawasan o maiwasan ang mga maling input sa mga dokumento at resulta ng Phil-IRI. Layunin din nito na matiyak ang baliditi at realidad ng mga resulta mula sa mga pagtatasa sa pagbasa na isinagawa ng mga guro sa Panlungsod na Sangay ng mga Paaralan ng Lunggsod ng Biñan. Ginamit ng mananaliksik ang modelong ADDIE sa pagbuo ng instrumento. Upang matukoy ang pagiging epektibo nito, ginamit ng mananaliksik ang instrumentong sarbey na naglalaman ng mga tagapagpahiwatig na sumusukat sa mga aspeto ng iminungkahing kasangkapan. Ang nasabing instrumento ay naisakatuparan ng mga koordineytor sa iba't ibang pampublikong institusyong pang-edukasyon sa Dibisyon ng Binan.

Ang mga resulta ay nagpahiwatig na ang mga koordineytor ay nag-rate sa instrumento o tool nang napakahusay. Ang iminungkahing instrumento o tool ay nakitang may kaugnayan sa mga layunin ng Phil-IRI, kapaki-pakinabang para sa pagpapalano ng pagtuturo, malinaw sa mga tuntunin ng mga tagubilin, komprehensibo, at kumpleto. Higit pa rito, napatunayang mabisa at napakahusay ang iminungkahing kasangkapan dahil nagbigay ito ng ilang positibong pagkakataon para sa mga guro, magulang, mag-aaral, at mga panlabas na kontribyutor na magtulungan tungo sa pagtugon sa isa sa mga problema sa paaralan. Kaya, inirerekomenda na gamitin ng mga guro ang nasabing Kagamitan sa Pagsubaybay at Pagsusuri sa Pagbasa upang mapabuti ang pagsasagawa ng Phil-IRI tungo sa data-driven na proseso ng paggawa ng desisyon sa Kagawaran ng Edukasyon.

Susing Salita: Evaluation, Monitoring, Pagbasa, Phil-IRI, Resulta, Wasto

INTRODUKSIYON

Isa sa pinakamahalagang makrong kasanayan ang pagbasa kung kaya't ito ay dapat na patuloy na nililinig sa bawat mag-aaral. Ang pagbabasa ay isa sa mga pinakamahalagang bagay na dapat nating matutunan dahil ito ang isa sa pinaka-epektibong paraan ng pagkuha ng impormasyon. Ayon sa sikat na manunulat na si Goodman, "ang nagbabasa ay nagbubuong muli ng isang mensahe o kaisipan na hinango sa tekstong binasa".

Bukod dito, ang pagbabasa ay maihahalintulad natin sa pagbibigay ng pagkain sa ating utak. Ito rin ay ang pag-unawa sa kahulugan ng nakalimbag o nakasulat at pagbibigay ng interpretasyon sa tekstong binasa.

Ayon nga kina Grabe at Staller (2002 sa Nunan, 1999)" Ang pagbabasa ay isang kakayahang magbigay ng kahulugan sa mga nakalimbag na pahina at mabigyan ito ng interpretasyon sa maayos na pamamaraan". Sumangayon dito si Coady (1997) atsinuportahan ang ideya nina Grabe at Staller na para sa lubusang pag-unawa ng teskto, kakailanganin ng magbabasa ang dating kaalaman at karanasan nito

Ang pagbabasa ay isang matibay na susi upang maunawaan, matutunan at mapagtagumpayan ang iba pang asignaturang pinag-aaralan. Subalit, higit sa lahat, nangangailangan din ng wasto at tamang pagtatasa ng antas o lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral, upang matiyak na tunay na nakakabasa ang mga mag-aaral, nakakabasa na may malalim na pang-uanawa sa kanyang binasa. Sapagkat sabi nga, ang taong marunong magbasa ay iyong


taong marunong umunawa ng kanyang binasa.

Ayon kay Ramones, isa sa pinakamahalagang aspekto ng pagtuturo ay ang pagsukat ng pagkatuto ng mga mag-aaral (2019). Dagdag pa ang sinabi ni Habib, (2016) na, sa pagtataya sa pagbasa, nagkakaroon ng mahalagang impormasyon ang mga guro hinggil sa kanilang mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagtatasa, nababatid ang kahinaan, pangangailanagn at kakulangan ng mga mag-aaral. Ang pagtataya ay mahalagang elemento ng edukasyon na ginagamit upang ipagbigay alam ang instruksiyon an ginagamit o ginagawa sa pagtuturo (Wren, 2004). Ang pangunahing hakbang upang maipatupad ang maayos na instruksiyon sa pagpapabasa ay mabatid muna ang lebel ng bata sa pagbasa, sa kadahilanang ang mga mag-aaral ay may iba-ibang iskima at bakgrawnd sa kahasaan sa pagbasa, may mag mag-aaral na mahusay sa pagbasa mayroon din naming nangangailanagn pa ng masusing pagsubaybay sa pagbasa. Tunay na napakahalaga ang pagtatasa sa antas at lebel sa pagbasa at bawat datos na itatala sa bawat mag-aaral sapagkat nakasalalay dito ang maraming bagay na gagawin ng isang guro at maging ng magulang upang maalalayan at mabigyang lunas ang suliranin sa pagbasa. Kung kaya't nararapat lamang na isang epektibo, sistematiko at masusing pamamaraan ang gagawin upang magkaroon ng wasto at pinagtibay ulat sa pagtatasa ng antas o lebel sa pagbasa ng bawat isang mag-aaral. Ang wasto at pinagtibay na ulat sa pagbasa na isinusumite ng mga guro ang siyang pinagbabasihan kung ano na nga ba ang tunay na kalagayan ng mga mag-

aaral pagdating sa usaping literasi. Ito rin ang nagsaaad sa kung ano na nga bang lebel o antas ng mag-aaral sa pagbasa. Bunga nito, ang epektibong pamamaraan sa pagbuo ng ulat sa pagbasa ay may malaking epekto sa lahat ng gawain partikular sa pagbasa. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay makakatulong upang makuha at matiyak na wasto ang datos ng lebel sa pagbasa ng mag-aaral. Bukod dito, ang pagsubaybay at pagsusuri sa pag-unlad ng pagganap ng pagbasa ng mga mag-aaral, partikular na sumailalim sa isang serye ng pagsubok dahil sa mababang resulta ng Pambansang Imbentaryo sa Pagbasa (Phil-IRI) ay may kaugnayan upang matiyak na ang mga input at mga mag-aaral na nasa mga antas ng Pagkabigo at Instruksyunal. Higit pa rito, binabawasan o inaalis din ng nabuong tool ang mga maling pagtatasa dahil ang mga resulta ay patutunayan, susuriin, at aaprubahan ng nabuong grupo ng mga balideytor na binubuo ng mga kinatawan mula sa panloob, panlabas, tahanan, at silid-aralan desisyon ay tapat at tama na gagamitin para sa naaangkop na interbensyon sa pagbasa. Kaugnay nito, ang tool sa pagsubaybay na nabuo ay partikular na idinisenyo upang tulungan ang mga tagaplano ng edukasyon, guro, at mga espesyalista sa pagbabasa sa pagdidisenyo ng mga programang interbensyon sa pagbabasa na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na nasa mga antas ng Pagkabigo at Instruksyunal. Higit pa rito, binabawasan o inaalis din ng nabuong tool ang mga maling pagtatasa dahil ang mga resulta ay patutunayan, susuriin, at aaprubahan ng nabuong grupo ng mga balideytor na binubuo ng mga kinatawan mula sa panloob, panlabas, tahanan, at silid-aralan.

METOLOHIYA

Upang matiyak na magiging maayos ang prosesong gagawin sa saliksik na ito, minabuti ng tagasaliksik na magkaroon ng isang konkretong *flowchart* na magiging giya sa pagsasagawa ng saliksik.



Ginamit ng mananaliksik ang modelong ADDIE sa pagbuo ng instrumento. Upang matukoy ang pagiging epektibo nito, ginamit ng mananaliksik ang instrumentong sarbey na naglalaman ng mga tagapagpahiwatig na sumusukat sa mga aspeto ng iminungkahing kasangkapan.



RESULTA

Mga resulta:

A. Ang mga resulta ng aksiyong saliksik (action research) ay ipinakita sa ibaba:

- 1) Mga suliranin natuklasan sa pagtatala ng datos sa pagbabasa.
- 2) Hindi tugma ang bilang ng mga mag-aaral sa LIS at isinusumiteng datos ng mga guro.
- 3) Kakulangan ng sapat na monitoring tool upang matiyak ang kabisaan ng programa patungkol sa pagbabasa.
- 4) Nagiging hadlang ang kakulangan ng panahon sa pagpapabasa sa mga mag-aaral

B. Kahusayan ng iminungkahing paraan ng pagtatala ng mga datos sa pagbabasa.

Mga Paliwatig	Weighted Mean	SD	Verbal Interpretation
Ang iminungkahing tool ay:			
1. May kaugnayan sa mga layunin at saklaw ng Phil-IRI	3.80	0.41	Napakalusay
2. Maaaring maiakaparan kahit na walang pangangasiwa ng agatang superbisot	3.57	0.73	Napakalusay
3. Madaling sundin dahil naglalaman ito ng mga simpleng pahayag at tagubilin.	3.73	0.15	Napakalusay
4. Madaling ipatupad dahil ang mga bahagi ay malinaw na binibigyang-diin.	3.73	0.45	Napakalusay
5. Nagbibigay ng kaharungan at panatili sa pagkakataon.	3.67	0.56	Napakalusay
6. Hindi inaaguhad ng potensyal na bias.	3.60	0.67	Napakalusay
7. Komprehensibo at nagbibigay-kaalaman.	3.70	0.47	Napakalusay
8. Inklusibo at nagbibigay ng halaga sa pagkakalikin-din.	3.67	0.18	Napakalusay
9. Time-bound.	3.73	0.45	Napakalusay
10. Magpapasa at magpapalitan ng ibang aron o bahagi.	3.67	0.55	Napakalusay
11. Hindi ibinayad ang pakikipagkatiwagan at magpapalitan sa pagbabasa.	3.60	0.67	Napakalusay
12. Ihambing ng tumpak at wastong impormasyon.	3.70	0.47	Napakalusay
13. Kasama ang cross-checking ng mga resulta.	3.67	0.48	Napakalusay
14. Naisumit ang mga layuning dapat maakutin.	3.67	0.55	Napakalusay
15. Nagpapakita ng pagkakapare-pareho sa pagbuo at mga pattern.	3.77	0.50	Napakalusay

Ipinapakita sa talahanayan 1 ang mga resulta ng pagsusuri ng mga tagapag-ugnay sa tool sa pagsubaybay (monitoring tool) para sa Phil-IRI. Gaya ng inilalarawan mula sa talahanayan, sama-samang ni-rate ng mga koordineytor ang tool sa pagsubaybay bilang napakahusay dahil naglalaman

ito ng ilang katangian na mahalaga sa pagtiyak na ang mga input ay totoo, tumpak, at hindi maaaring manipulahin sa isang iglap. Itinuring ng mga koordineytor na napakahusay ng instrumento dahil naaayon ito sa saklaw at layunin ng Phil-IRI na nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 3.80. Pinatunayan ng mga resultang ito ang Phil-IRI bilang isang maaasahang tool sa pagtatasa na nakabatay sa silid-aralan at isa sa mga batayan sa pagpapalano at muling pagdidisenyo ng pagtuturo at mga programa ng pagbabasa upang mapaunlad antas ng pagbabasa ng paaralan (DepEd, 2018).

Ang instrumento ay nagpakita rin ng consistency at mga pattern (3.77), madaling sundin dahil naglalaman ito ng mga simpleng pahayag at tagubilin (3.73), at madaling ipatupad dahil ang mga bahagi ay malinaw na binibigyang-diin (3.73) at maaaring kumpletuhin sa isang tinukoy na deadline (3.73). Bukod pa ryan, kinumpirma ng mga koordineytor na ang iminungkahing tool ay bumubuo ng tumpak at wastong impormasyon at komprehensibo at nagbibigay-kaalaman na parehong nakakuha ng weighted mean na 3.70. Tama, ang pagiging komprehensibo at kalinawan ay ang mga pangunahing pagsasaalang-alang na tinitingnan ng mga koordineytor kapag iminungkahi ang bagong tool. Tinitiyak nito na ang data na maaaring makuha mula sa tool ay tutugon sa isyu sa paglalagay ng mga maling input sa mga dokumento. Ang mga resultang ito ay nakahanay sa pahayag na binibigyang-diin ng OECD (n.d.), na nagsasaad na ang mga tool sa pagtatasa ng mag-aaral ay dapat na malinaw at komprehensibo upang matiyak ang pagkamit ng mga layunin.

Bilang karagdagan, ang iminungkahing tool sa pagsusuri ay nakitang napakahusay dahil sinusukat nito ang mga layunin na makakamit, kabilang ang cross-checking ng mga resulta, inklusibo at nagbibigay ng pagkakaiba-iba, at magagawa at magagamit sa iba't ibang konteksto o antas ng grado, na nakuha ng lahat ang weighted mean na 3.67. Ang mga resulta ay naghatid na ang mga prinsipyo ng bisa at kakayahang umangkop ay kapansin-pansin sa iminungkahing tool.

Bukod dito, binigyang-diin sa mga resulta na ang mga koordineytor ay nag-rate sa iminungkahing tool bilang napakahusay dahil hindi ito bumubuo ng potensyal na bias at hinihikayat ang pakikipagtulungan at mga pagkakataon sa pag-mentoring na parehong nakakuha ng weighted mean na 3.60. Kinumpirma ng mga resultang ito na ang tool ay nagbibigay kapangyarihan at inklusibo dahil iniwasan nito ang posibleng impormasyon at pagkiling sa input na ginagawang mga resulta ang tunay na pagmuni-muni ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Gaya ng sinabi ng UNESCO (2020), hindi dapat isa-isa ang isang tool sa pagtatasa ang ilang estudyante bilang bahagi ng Sustainable Development Goals (SDGs) na naglalayong tugunan ang isyu ng pagsasama.

Panghuli, ang tool ay maaaring magawa kahit na walang pangangasiwa ng agarang superbisor na binibigyang-diin ng mga koordineytor. Ang nasabing indicator ay nakatanggap ng pinakamababang weighted mean na 3.57. Ang mga natuklasang ito ay sinusuportahan ng USAID (2014), na nagsasaad na ang isa sa mga tagapagpahiwatig ng isang mahusay na

tool sa pagtatasa ay na ito ay mapapamahalaan kapag ipinatupad.

PAGTALAKAY

Ang maingat at wastong kabuoang ulat sa pagbasa ay may malaking kontribusyon upang mabigyang lunas ang mga suliraning umaakibat hinggil sa usaping pagbasa. Sapagkat ang literasi ng mga mag-aaral ay kailangang sukatin hindi lamang upang matukoy ang antas o lebel nito kundi ito ang magbibigay ng hudyat upang mailapat nang buong ingat at ang isang masusing lunas na mag-aangat sa literasi ng bawat isang mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing daan upang maging higit na matulungan ang mag-aaral sa pag-angat sa iba pang asignaturang kanyang pinag-aaralan lalo at higit ang mga guro na siyang aagapay sa kanyang pag-unlad partikular sa usaping literasi sapagkat tumpak at wasto ang pagsukat sa kakayahan sa pagbasa. Dagdag dito, magsisilbing daan ang pagtatasa na isinagawa sa mag-aaral upang matiyak kung saang lebel na ang mag-aaral sa pagbasa na magbibigay daan sa guro kung sasailalim ang mga-aaral sa interbensiyon o hindi na.

Dahilan sa malaking hamon ang kinakaharap ng dibisyon hinggil sa usaping pagbasa ng mga mag-aaral ang saliksik na ito ay tutulong sa pagkakaroon ng wasto, tunay at pinagtibay na datos o resulta ng antas o lebel sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pa pampublikong paaralan sa dibisyon ng Biñan.

Unang pinagbasihan ng tagasaliksik ang resulta ng Pambansang

Imbentaryo sa Pagbasa o ang Phil -IRI na isinumite ng mga guro. Matapos ang masusing pag-aanalaisa , pag-aaral at pagbabalideyt ng resulta, binuo ng tagasaliksik ang Kagamitan sa Pagsubaybay at Pagsususuri sa Pagbasa (Monitoring and Evaluation Tool) at kabilang sa mga internal at external na balideytor at ang mga magulang o tagapangalaga sa mga mag-aaral. Ito ay isang patunay na ang pakikipagtulungan ng mga magulang sa mga guro upang mapabasa ang mga bata ay may lubos na makabuluhang relasyon sa pag-unlad ng antas ng pagbasa ng mga bata.(Calibara). Bukod sa tinugunan ng tagasaliksik ang mga suliranin , ang tool na binuo ay pina -rate sa mga koordineytor sa asignaturang Filipino at tagapagsagawa ng Phil -IRI. Ang tool sa pagsubaybay at pagsusuri ay nahahati sa tatlong antas: *pre-testing*, *while testing*, at *post-testing*. Ang bahagi ng *pre-testing* ay binubuo ng paunang nakamit ng mga mag-aaral bago ang interbensyon. Kabilang dito ang marka sa Phil-IRI, mga naitalang kahirapan sa pagbasa, mga natukoy na salik na nakakaapekto sa pagganap ng pagbabasa ng mag-aaral. Susunod ay ang *While-testing* na bahagi na binubuo ng naitalang marka sa serye ng mga aktibidad sa pagbabasa, simpleng anecdotal record ng mga magulang ng pagganap sa pagbabasa sa bahay at checklist ng pagkakahanay ng interbensyon sa pagbasa. Panghuli ay ang *After-testing* ang nagsisilbing bahagi ng pagsusuri na tumutukoy sa pagpapabuti ng pagganap ng pagbabasa ng mga mag-aaral pagkatapos mailapat ang serye ng interbensyon.

Batay sa mga resulta, nakitang mabisa at napakahusay ang iminungkahing *tool* dahil nagbigay ito ng

ilang positibong pagkakataon para sa mga guro, magulang, mag-aaral, at mga panlabas na kontribyutor na magtutungan tungo sa pagtugon sa isa sa mga problema sa paaralan. Higit pa rito, ang nilalaman, pagsasaayos, pagiging komprehensibo, at pagiging maaasahan ng *tool* ay napagmasdan at nakatanggap ng napakagandang *rating*. Kaya naman, inirerekomenda na gamitin ng mga guro ang nasabing supplementary monitoring tool upang mapabuti ang PHIL-IRI administration tungo sa *data-driven decision-making process* sa Kagawaran ng Edukasyon.

PASASALAMAT

Ang katuparan ng saliksik na ito ay hindi mabubuo kung hindi dahil sa buong pusong pagsuporta at pagmamahal na ipinamalas at ipinadama ng Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan,Edna Faura-Agustin, at motibasyon ng Pansangay na Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan Edenia O. Libranda, Punong Superbisor, Dr. Mary Ann L. Tatlongmaria at Hepe ng Pamumuno at Operasyon ng Paaralan sa patuloy na pagsubaybay at pag -agapay upang maisakatuparan ang saliksik na ito, Edward R. Manuel sa kanyang pagtulong at panghikayat na mabuo ang saliksik; sa lahat Superbisor ng Programang Pang -edukasyon, Joel J. Valenzuela sa kanyang suportang moral na ipinadama sa tagasaliksik,Pandistritong superbisor ng Publikong Paaralan; lahat ng mga Punongguro at mga Koordineytor sa asiganaturang Filipino, sa mga mag-aaral ng dibisyon na siyang inspirasyon sa pagsasagawa nito, higit sa lahat sa

Dakilang Lumikha na nagbibigay lakas, karunungan at kaalaman sa tagasaliksik.

REPLEKSIYON

“Ang kabataan ang pag-asa ng bayan” .Lasak na naririnig at nababasang sinabi ni Dr Jose Rizal. Subalit paano magaganap kung ang kabataan ay di marunong magbasa? Ano ang ilalaban sa babala ng sigwa? “Ang matutong bumasa ay magsindi ng apoy; Bawat pantig na nakasulat ay isang kislap. ”- - Victor Hugo Yan ang dapat sapagkat ang bawat titik , salita at pangunguusap na mababasa ay uukit sa puso at isip ng kabataan hanggang sa pagtanda. “Ang isang mambabasa ay nabubuhay ng isang libong buhay bago siya namatay,” sabi ni Jojen. Ang taong hindi nagbabasa ay nabubuhay lamang ng isa. ”- - George R. R. Martin. Ang marunong bumasa at taong marunong umunawa ng kanyang binasa. “Nagbabasa tayo para malaman natin na hindi tayo nag-iisa.” - - William Nicholson. Malawak ang ating nararating sa pagbabasa, maaring buong sa mundo o higit pa, kasama ang ibang taong nais nating makita at makasama. “Ang pagbabasa ay hindi dapat iharap sa mga bata bilang isang tungkulin o tungkulin. Dapat itong ihandog sa kanila bilang isang mahalagang regalo. ”- - Kate DiCamillo . Kaalaman, dunong, iyan ang kailangang malilok sa pahat na isip ng mga bata. “Ito ay isa sa mga pinakadakilang kaloob na maibibigay ng pagbabasa sa isang tao: madaling pag-access sa panloob na kapayapaan, kahit na ang mundo sa labas ay gumuho.” - - J. W. Isa sa mga pinakadakilang regalo ng matatanda -

ang kanilang mga supling at kanilang lipunan - ay maaaring ibigay ay ang pagbabasa para sa mga bata. - -Carl Sagan Sapat na ang lahat ng ito upang matanto ang kasanayan at kaganapan nila sa pagbasa sa pamamagitan ng tama at awastong pagtatasa o pagtataya, sapagkat nakasalalay dito ang gagawing pagtulong, pagsuporta, pag-agapay sa bawat isang mag-aaral na naghahangad ng isang magandang bukas, mag-aaral sa bagong henerasyon na hahalili sa ating lahat upang patuloy na uminog ang mundong ating kinasasadlakan.ang mga kabataan, mga mag-aaral na marunong bumasa na may malalim na pang-unawa sa binasa; ang magpapatotoo na Pagbasa Para may Pag-asa sa ating dibisyon na patuloy na babangon, tatayo at magiging matatas pagdating sa usaping literasi.

SANGGUNIAN

*Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
The Philippine Informal Reading Inventory manual 2018 Published by Department of Education*

DepEd Order no. 55 s. 2016(Policy Guidelines on the National Assessment of Student Learning for the K to 12 basic Education Program

Ramones AR., Mga Pamamaraan ng Pagtatasa (Assessment) at mga Rubrik o Pamantayang gamit ng Guro sa Pagsukat ng Pagkatuto sa Araling Panlipunan: Isang Pagsusuri

*Tungo sa Pagpiling Epektibong
Pamamaraan, 2019*

*Quintino H., Lebel ng Kasanayan sa
Pagbasa ng ga Mag-aaral sa
Ikawalong Baitang ng Pambansang
Mataas na Paaralan ng Subic,
American Journal of Humanities and
Social Sciences Research, e-
ISSN:2378-703X, Vol.- 5, Issue
6.2021.*

*Rod Lane et.al. Literature Review:
Formative Assessment Evidence
and Practice, Mac Quarie University,
Australia*

*assessing_reading_worksheet.pdf
(britishcouncil.org)*

*Madani HABIB, Assessment of Reading
Comprehension, 2016, Volume 8,
Issue 1, June, pp. 125-147, Doi:
[http://dx.doi.org/10.18662/rrem/2016.
0801.08](http://dx.doi.org/10.18662/rrem/2016.0801.08)*

*Early Reading Assessment: A Guiding
Tool for Instruction, By: The Access*

*Calibara, Liza, Epekto ng Proyektong
A4P's (Agapayan, Palakasinat
Pagbutihin ang Pagbasa at Pag-
Unawa) sa Antas ng Pagbasa ng
mga Batang Nasa Baitang 2 at
Baitang 3 ng Paaralang Elementary
ng Tambo, 2019-01-18, Center*